Republika ng Pilipinas

# Kagawaran ng Edukasyon

Rehiyon Administratibo ng Cordillera

SANGAY NG MGA PAARALAN LUNGSOD NG BAGUIO

DIVISION OFFICE BAGUIO CITY

AUG 03 2022

RELEASED

1 Agosto, 2022

MEMORANDUM PANSANGAY

Blg. 227, s. 2022

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2022**

To : Pangalawang Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng Kurikulum/ Pampaaralang Pamamahala
Pandibisyong Tagamasid
Pandistritong Superbisor sa Pampublikong Paaralan
Pampublikong Punongguro ng Paaralang Elementarya at Sekondarya
Pampublikong Guro sa Elementarya at Sekundarya
Lahat ng Kawani ng Dibisyon

1. Alinsunod sa itinakdang Pampanguluhng Proklamasyon Blg. 104, s. 1997, ipinagdiriwang natin taon - taon ang Buwan ng Wikang Pambansa na may tema ngayong taong ito na, "Filipino at mga Katutubong Wika:Kasangkapan sa Pagtuklas at Paglikha,"

2. Sa hangaring makiisa sa taunang pagdiriwang na ito, ang Sangay ng mga Paaralang Lungsod ng Lungsod ng Baguio katuwang ang Sangay sa Implementasyon ng Kurikulum (Curriculum Implementation Division) ay magsasagawa ng mga paligsahan (Ang talakdaan ng mga gawain ay nakapaloob sa Enklosyur blg. 1)

3. Ang layunin ng gawaing ito ang sumusunod:
   a. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makikiisa sa mga programang tulad into na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   b. Mapaigting ang paggamit ng wikang Filipino sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng mga akdang pampanitikan; at
   c. Makapapalalim ng pagmamahal sa pambansang wika — Wikang Filipino.

4. Kaugnay nito, inaanyayahan ang lahat na makiisa at lumahok sa mgapaligsahan. Ang lahat ng lalahok ay isusumite sa pamamagitan ng*video*.Ang petsa ng pagpapasa ay sa ika – 25 ng Agosto, 2022, simula ika-7:00 ng umaga hanggang ika-5:00 ng hapon, samantala ang pag-aanunsiyo ng mga nagwagi ay magaganap sa Ika-30 ng Agosto, 2022, saganap na ika- 1:00 ng hapon sa pamamagitan ng zoom. Ang link ay ibibigay isang araw bago ang palatuntunan.

5. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**FEDERICO P. MARTIN, EdD.CEdD, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan,Lunsod Baguio

**Enklosyur blg. 1 MEMORANDUM PANSANGAY Blg. ____ s. 2022**

## A. MADULANG SABAYANG PAGBASA

1. Bukas ang paligsahan sa lahat ng Kawani ng SDO Baguio.

2. Inaasahang ang bawat dibisyon na may 15-20 kalahok.

3. Ang mga kalahok ay ay bumubuo ng sumusunod:

   a. SGOD

   b. OSDS

   c. CID

4. Isang pyesa lamang ang gagamitin sa madulang sabayang pagbigkas

5. Pinahihintulutan ang paglalapat ng himig,tunog, o awitin at ang pagkakaroon ng koryograpi.

6. Mahalaga sa madulang sabayang pagbasas ang tinig,bigkas, pormasyon ,blaking ,ekspresyon imahinansyon interpretasyon damdamin,tamng pagbigkas at larawang-diwa.

7. Lima (5) hanggang pitong (7) minuto lamang ang oras ng pagtatanghal ng madulang Sabayang Pagbasa.

Bawat lalabis na minuto ay kabawasang isa 1 puntos na tatamuhin mula sa hurado.

8. Tatanggapin ang anumang kasuotang angkop sa pyesa ng Madulang Sabayang Pagbigkas.

9. Final ang desisyon ng Hurado.

**PAMANTAYAN SA MADULANG PAGBASA:**

| | **BAHAGDAN** |
|---|---|
| **1.** Interpreatasyon | **50%** |
| **2.** Orkestrasyon ng tinig<br>(Pagkakahalu-halo ,pagkakasabay-sabay,pagbuo,lakas, taginting, tempo,uri ng tinig at kaangkupan sa diwa ng pyesa..)<br>• Koryograpi(kilos,galaw,kumpas,blaking)......10%<br>• Kaangkupan ng ekspresyon ng mukha.................................................10%<br>• Sangkap na Teknikal kaangkupan, tunog,awitin 5% | **25%** |
| **3.** Panghikayat sa madla<br>• Katauhan/personalidad 10%<br>• Hikayat 5%<br>• Kasuotan 10% | **25%** |
| **KABUUAN** | **100%** |


Address: 82 Military Cut-off Road, Baguio City
Telephone/Fax: 074-442-4326 / 074-442-7819 | Email: depedbaguiocity@gmail.com
Website: www.depedpines.com | Facebook Page: facebook.com/DepedTayoBaguioCity
ISO 9001:2015 Certified Quality Management System CRN RU-19.2560.026 Issued on 12/27/2019

**B. MASINING NA PAGKUKUWENTO**

1. Bukas ang timpalak sa mga mag-aaral na nasa kinder hanggang ikatlong baitang.

2. Malayang mamili ng piyesa ang tagasanay na ikukuwento ng kalahok.

3. Tatagal lamang ng 2 hanggang 4 na minuto ang pagkukuwento.

4. Malayang mamili ng anumang kasuotn ang magtatanghal. Sigurduhing ito ay disente at naaangkop sa kuwentong napili.

5. Final ang desisyon ng Hurado.

*Isa lamang ang kalahok sa bawat distrito.

**PAMANTAYAN SA MASINING NA PAGKUKUWENTO:**

| **PAMANTAYAN** | **BAHAGDAN** |
|---|---|
| 1. Pagpili ng Kuwento | 10% |
| 2. Pagsasalita<br>a. Uri ng tinig 5<br>b. Pagbigkas 5<br>c. Balarilla 5 | 15% |
| 3. Pagbibigay Kahulugan o interpretasyon | 50% |
| 4. Personalidad o kakayahan sa Pagkukuwento | 10% |
| 5. Hikayat | 15% |
| **Kabuuan** | **100%** |

**C. SPOKEN POETRY:**

1. Ang timplak ay bukas sa lahat ng mag-aaral sa baitang 7 hanggang 10.

2. Lilikha ang mag-aaral ng Spoken Poetry na kanyang bibigkasin.

3. Ang tema ay, "Napagtagumpayan ang mga Hamon sa Aking Pag-aaral sa Panahon ng Pandemya" (Tauhan, isang mag-aaral na napagtagumpayan ang lahat sa kabila ng hamon ng pandemya.)

4. Maaaring lapatan ng tunog habang bumibigkas ang kalahok.

5. Hinihikayat ang paggamit ng kasuotang disente at angkop sa piyesang bibigkasin.

6. Final ang desisyon ng Hurado.

*Isa lamang ang kalahok sa bawat distrito

| PAMANTAYAN | BAHAGDAN |
|---|---|
| 1. Nilalaman<br>Kakayahang maipahayag ang mga salooobin at kaisipan ng napiling tauhan. | 10% |
| 2. Pagbigkas<br>• Wastong pagbigkas ng mga salita.<br>• Tono, lakas at linaw ng boses<br>• Pagbibigay diin | 50% |
| 3. Paraan ng Paglalahad<br>• Anyo<br>• Tindig<br>• Kilos<br>• Paggamit ng angkop na musika<br>• Tiwala sa sarili | **40%** |
| **Kabuuan** | **100%** |

**D. PAGBIGKAS NG TULA**

1. Ang timpalak ay bukas sa lahat ng guro sa Elementarya at Sekondarya ng Dibisyon ng Lunsod Baguio.

2. Ang tula ay iikot sa tema ng buwan ng Wika, "Filipino at mga Katutubong Wika:Kasangkapan sa Pagtuklas at Paglikha,"

3. Ang pagbigkas ay tatagal lamang ng 2 hanggang 4 na minuto.

4. Ang kasuotan ng kalahok ay angkop sa piyesang bibigkasin.

5. Final ang desisyon ng Hurado.

*Isa lamang ang kalahok sa bawat distrito

PAMANTAYAN SA PAGBIGKAS NG TULA:

| PAMANTAYAN | BAHAGDAN |
|---|---|
| 1. Tiwala sa Sarili | 10% |
| 2. Lakas ng Pagbigkas | 10% |
| 3. Pagkasaulo | 30% |
| 4. Linaw ng Pagbigkas | 25% |
| 5. Ekspresyon, kilos at kumpas | 25% |
| **KABUUAN** | **100%** |

**PIYESA SA SABAYANG PAGBASA**

WIKANG FILIPINO SA PAMBANSANG KALAYAAN AT PAGKAKAISA.
Ni Patrocinio Villafuerte

Sa bawat panahon
Sa bawat kasaysayan
Sa bawat henerasyon
May palawakan ng isip
May palitan ng paniniwala
May tagisan ng matuwid
Maging ito'y magbunga ng tuwa, ng lungkot, ng galit
Sila-sila'y nagtatagpo, kayu-kayo'y nagpapangkat
Isang diwa ang nagpasya, isang wika ang ginamit
Wikang Filipino! Wikang maka-Diyos, makabayan, makatao
Wikang naglalagos sa isipang makabansa
Wikang nanunuot sa damdaming makalupa
At paisa-isang dila, parami-raming labi, sama-samang tinig
Bumubulong, sumasatsat, humihiyaw, nagngangalit
Hinihingi'y Kalayaan! Katarungan! Kalayaan! Katarungan!
Hanggang saan susukatin?
Hanggang kalian bubuhayin?
Hanggang kalian maangkin?
Layang mangusap, laying sumulat
Layang mamuhay, laying manalig
Layang humahalakhak, laying mangarap,
Layang maghimagsik
Maghimagsik! Maghimagsik! Maghimagsik!
At, parang isang pangarap, parang isang panaginip
Kasaysayan pala'y mababago isang saglit
Sa dakong silangan… doon sa silangan
Ang sikat ng araw… sumilip, sumikat, uminit
Sari-saring mukha, magkakabalat, magkakadugo, magkakapatid
Sama-samang gumising, magkakapit-bisig, nag-alsa't tumindig
Lakas ng tao! Lakas ng bayan! Lakas ng daigdig!
Laban sa tirano, sa gahaman, sa mapanupil, sa mapag-lupig
Bata't matanda, propesyonal at di propesyonal
Manggagawa, kawani, guro, mangangalakal
Mangingisda't magbubukid, pari, madre, iskolar
Sundalo, pulis, drayber, estudyante, istambay
At, lahat-lahat na
Sa sama-samang tinig, sa sama-samang lakas
Nagkakaisa, nagkasama
Nagkasama, nagkaisa
Mga bagong bayani ng Bagong Republika
At…
Wala nang dapithapon
Wala nang takipsilim
Wala nang lungkot, takot, luha, dusa't hinagpis
Walang nang tanda, ng dusting pagkalupig
Bagwis ng ibong dati'y pinuyian sa tinid ng galit
Ngayo'y nakalipad na… umaawit, humuhumi, umaawit
Dahil Malaya
Dahil sa Wika
Dahil sa Lakas

Bagong kalayaa'y naririto ngayon
At nakamit natin nang buong hinahon
Ni walang digmaa't pinapanginoon
May mabuting nasang taga sa panahon
At kung sakaling magbalik muli
Ang kasaysayang hininog ng isang madilim na kahapon
Muli, ang paisa-isang dila, ang parami-raming labi
At sama-samang tinig
Ang sari-saring mukha, magkakabalat, magkakadugo't magkakapatid
Sama-samang gigising, magkakapit-bisig aalsa't titindig
Lakas ng tao! Lakas ng bayan! Lakas ng daigdig!